9/10/18
10:15
V[illegible]

Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com ▯▯▯ Email: bulacan@deped.gov.ph

Setyembre 10, 2018

Sa mga: Hepe ng Dibisyon
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya (EDDIS II)
At sa iba pang Kinauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay nakatakdang ipagdiwang ang ika-120 Taong Anibersaryo ng Pagbubukas ng Kongreso ng Malolos at Kulminasyon ng Singkaban Festival 2018 sa ika-15 ng Setyembre, 2018 (7:30nu) sa Patio ng Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos.

Kaugnay nito ay malugod na inaanyayahan sa nasabing palatuntunan ang mga Hepe ng Dibisyon, Tagamasid Pansangay at Pampurok at Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya (EDDIS II). Pormal ang kasuotan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng mga dadalo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
Blg. 192 , s. 2018

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

**TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN**

SDO OF BULACAN RECEIVED SEP 05 2018 By: 3077

Setyembre 5, 2018

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*Schools' Division Superintendent*
Kagawaran ng Eduaksyon - *Bulacan*
Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati!

Ang Pagbubukas ng Kongreso ng Malolos noong Setyembre 15, 1898 marahil ang naging kaganapan ng nilulunggating kasarinlan ng sambayanang Pilipino na pinunla ng daang taong pagpapakasakit, pagdanak ng pawis, luha at dugo, at higit sa lahat pag-aalay ng buhay ng hindi mabilang na indibidwal upang pag-alabin ang silakbo ng himagsikan para sa kalayaan. Bagaman, kinikilala ng sambayanan ang Hunyo 12, 1898 bilang pinakamahalagang petsa ng kasaysayan, ang mga pahina rin nito ang nagdidikta na bigyan rin natin ng pantay na pagturing ang kaganapan noong Setyembre 15, 1898, sapagkat itinakda nito ang pagkatao ng sambayanang Pilipino bilang isang malaya at nagsasariling bansa. Tungo rito, at upang higit pang patingkarin ang kadakilaan ng Lalawigan ng Bulacan, marapat lamang na gunitain natin ang okasyong ito sa pamamagitan ng angkop na pagdiriwang.

Kaugnay nito, malugod kayong inaanyayahang dumalo, kasama ang inyong **limampung (50)** ***supervisors at principals at*** **walumpung (80)** ***SEF Teachers***, upang ating sama-samang gunitain ang **ika-120 Taong Anibersaryo ng Pagbubukas ng Kongreso ng Malolos at Kulminasyon ng *Singkaban Festival 2018* sa Setyembre 15, 2018, ganap na ika-7:30 ng umaga, sa Patio ng Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Bulacan.** Ang panauhing pandangal para sa paksang pagdiriwang ay ang **Pangulo ng Senado ng Republika ng Pilipinas, Igg. Vicente C. Sotto III.**

Kami ay lubos na umaasa sa inyong mahalagang pagdalo at pakikiisa sa nabanggit na pagdiriwang.

Maraming salamat.

Mabuhay kayo!

Lubos na sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan

*2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853*
*Email Address: gops.pgbbulacan@gmail.com*

GOV. WILHELMINO M. SY-ALVARADO
VICE GOV. DANIEL R. FERNANDO
"Lalawigan ko'y ikaw, Lingkod mo ako"